International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

Mukhang Totoo, Mukhang AI: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Kulturang Biswal ng AI Face Filters at ang Konstruksyon ng Pamantayan ng Kagandahan ng Kabataang Pilipino

John Mark B. Traña[1], Freddielyn Pontemayor[2], Mary Christelle Concepcion C. Bienes[3]

Author Information:
[1]*Don Carlos Polytechnic College, Don Carlos, Bukidnon, Philippines*

[2]*Central Mindanao University, Maramag, Bukidnon, Philippines*

[3]*Kalilangan National High School, Kalilangan Bukidnon, Philippines*

Correspondence:
jtrana@dcpc.edu.ph

Article History:

Date Received: August 7, 2026
Date Revised: August 10, 2026
Date Accepted: October 19, 2026
Date Published: November 06, 2026

DOI: https://doi.org/10.67903/ijroms0404

Document ID: *2026IJROMS0404*

Recommended Citation:
Traña, J. M. B., Pontemayor, F. & Bienes, M. C. C. C. (2026). Mukhang Totoo, Mukhang AI: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Kulturang Biswal ng AI Face Filters at ang Konstruksyon ng Pamantayan ng Kagandahan ng Kabataang Pilipino. International Journal of Research on Multidisciplinary Studies, 1(10), 131-142. https://doi.org/10.67903/ijroms0404

Abstract. Bagama't maraming pag-aaral ang tumalakay sa impluwensiya ng midyang panlipunan at mga *beauty filter* sa pananaw ng mga gumagamit sa pisikal na anyo, limitado pa ang pananaliksik na sumusuri kung paano binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa kontekstong Pilipino ang mga katangiang biswal ng *AI face filters* at ang papel ng mga ito sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan sa kulturang biswal. Layunin ng pag-aaral na kritikal na suriin ang mga katangiang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng mga larawang binago gamit ang *AI face filters*, ang kahulugang iniuugnay nila sa mga katangiang ito, at ang papel ng mga filter sa paghubog ng pamantayan ng kagandahan. Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng *Visual Elicitation Technique* (VET) at *semi-structured interview*. Limang (5) mag-aaral na may edad na labingwalong taong gulang pataas mula sa Don Carlos Polytechnic College ang lumahok sa pag-aaral. Ipinakita sa kanila ang dalawampung (20) larawan na binubuo ng sampung orihinal na *selfie* at sampung bersiyong binago gamit ang *AI face filters*. Sinuri ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng *thematic analysis*. Ipinakita ng mga resulta na ginagamit ng mga kalahok ang pagkawala ng likas na detalye ng balat, proporsyon ng mukha, at kabuuang pagiging makatotohanan ng larawan bilang mga palatandaan ng paggamit ng *AI face filters*. Iniuugnay nila ang mga katangiang ito sa idealisadong kagandahan, digital na presentasyon ng sarili, at pagkakaiba ng artipisyal at likas na anyo. Lumitaw din na nakikilahok ang mga filter at midyang panlipunan sa pagpapalaganap at normalisasyon ng pamantayang nakasentro sa makinis, simetrikal, at tila walang kapintasang mukha. Gayunman, kinikilala ng mga kalahok na hindi ganap na itinatakda ng teknolohiya ang kahulugan ng kagandahan. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang *AI face filters* ay hindi lamang kasangkapan sa pagbabago ng mga larawan kundi bahagi rin ng kulturang biswal na nagtataguyod ng mga ideyal na anyo, habang nananatiling mahalaga ang kritikal na interpretasyon ng mga gumagamit.

Keywords: AI Face Filters; Digital Na Representasyon; Kabataang Pilipino; Kulturang Biswal; Pamantayan Ng Kagandahan

Introduction

Mahalagang suriin ang paglaganap ng *Artificial Intelligence* (AI) sa kulturang biswal sapagkat binabago nito ang paraan ng paglikha, pagpapakita, at pagbibigay-kahulugan sa mga larawan sa makabagong lipunan. Isa sa mga kapansin-pansing aplikasyon nito ang *AI face filters*, na ginagamit upang baguhin o pagandahin ang mga katangiang pisikal ng mukha sa mga digital na larawan. Higit sa pagiging kasangkapan sa pagpapahusay ng mga larawan, nagiging mahalagang usapin ang paggamit ng mga filter na ito dahil maaari nilang ipakita at palaganapin ang mga ideya tungkol sa kung ano ang itinuturing na maganda o kanais-nais na anyo. Sa ganitong pananaw, ang pagsusuri sa mga *AI face filters* ay mahalaga hindi lamang sa pag-unawa sa pagbabago ng mga larawan kundi maging sa pagtalakay sa ugnayan ng teknolohiya, kulturang biswal, at pamantayan ng kagandahan.

Sa kasalukuyan, malawak na ginagamit ang mga digital na plataporma, gaya ng TikTok at Instagram, sa pagbabahagi ng mga larawan at pagpapakita ng sarili. Sa pamamagitan ng mga *beauty filter* at iba pang teknolohiyang nakabatay sa AI, maaaring baguhin ang tekstura ng balat, proporsyon ng mukha, at iba pang katangiang pisikal upang makalikha ng isang partikular na presentasyon ng sarili. Ayon kina Fardouly at

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

Vartanian (2016), ang madalas na pagkakalantad sa mga idealisadong larawan sa *social media* ay maaaring maiugnay sa paghahambing ng pisikal na anyo at sa kasiyahan ng mga gumagamit sa kanilang sariling katawan. Kaugnay nito, iniulat nina Garg et al. (2026) na may kaugnayan ang paggamit ng mga *AI beauty filter* sa *appearance self-esteem* at sa paraan ng paghahambing ng mga gumagamit sa kanilang pisikal na anyo. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga digital na representasyon ng mukha at sa mga kahulugang iniuugnay ng mga gumagamit sa mga ito.

Sa konteksto ng kulturang biswal, hindi lamang dapat ituring ang mga larawan bilang mga salamin ng realidad. Ayon kay Hall (1997), ang representasyon ay isang proseso ng paglikha at pagpapakahulugan sa mga kahulugan sa pamamagitan ng mga tanda at representasyong kultural. Samantala, sa pananaw ni Berger (1972) sa *Ways of Seeing*, ang paraan ng pagtingin at pagbibigay-kahulugan sa mga larawan ay hindi hiwalay sa karanasan at kontekstong panlipunan ng tumitingin. Mula sa mga pananaw na ito, maaaring suriin ang mga *AI face filters* bilang mga representasyong biswal na hindi lamang nagbabago sa hitsura ng mukha kundi nag-aalok din ng mga ideya tungkol sa kaakit-akit at kanais-nais na anyo. Gayunman, mahalagang maunawaan kung paano tinatanggap, kinukuwestiyon, o binibigyang-kahulugan ng mga gumagamit ang mga representasyong ito.

Bagama't may mga naunang pag-aaral tungkol sa ugnayan ng *social media*, mga *beauty filter*, at pananaw sa pisikal na anyo, kailangan pa ng higit na pag-unawa sa kung paano mismo sinusuri at binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral sa kolehiyo ang mga katangiang biswal ng mga larawang binago gamit ang AI. Partikular na mahalagang siyasatin ang kanilang mga batayan sa pagkilala sa mga larawang orihinal at binago, ang mga kahulugang iniuugnay nila sa mga katangiang napapansin, at ang kanilang pag-unawa sa mga pamantayan ng kagandahang ipinakikita ng mga larawang ito. Sa kontekstong Pilipino, nakatuon ang kasalukuyang pag-aaral sa karanasan at interpretasyon ng mga mag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College upang higit na maipaliwanag ang papel ng mga *AI face filters* sa kulturang biswal.

Bilang karagdagang batayan, ipinakita nina Nightingale at Farid (2022) na maaaring mahirapan ang mga tao sa pagtukoy ng mga larawang may mga mukha na binuo ng AI dahil sa mataas na antas ng pagiging makatotohanan ng mga ito. Samantala, iniulat nina Bray et al. (2023) na may mga katangiang biswal na maaaring gamiting palatandaan sa pagsusuri ng mga larawang may kaugnayan sa *deepfake* na mga mukha. Bagama't nagbibigay ang mga pag-aaral na ito ng batayan sa pag-unawa sa pagkilala sa mga larawang binuo o binago gamit ang teknolohiya, mahalaga ring siyasatin ang kahulugang panlipunan at kultural na iniuugnay ng mga tumitingin sa mga katangiang biswal na kanilang napapansin. Sa ganitong paraan, mapag-uugnay ang pagsusuri sa mga palatandaan ng pagbabago ng larawan at ang pag-unawa sa mga ideyal na pamantayan ng kagandahang maaaring kinakatawan ng mga ito.

Samakatuwid, layunin ng pag-aaral na ito na kritikal na suriin ang kulturang biswal ng *AI face filters* at ang konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan batay sa interpretasyon ng mga mag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College. Partikular nitong nilalayon na: (1) tukuyin ang mga katangiang biswal na ginagamit ng mga mag-aaral sa pagkilala sa mga larawang orihinal at binago gamit ang *AI face filters*; (2) suriin kung paano nila binibigyang-kahulugan ang mga katangiang biswal na ito; (3) ipaliwanag kung paano kinakatawan ng mga *AI face filters* ang pamantayan ng kagandahan batay sa kanilang interpretasyon; at (4) suriin kung paano nakikilahok ang mga *AI face filters* sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan sa konteksto ng kulturang biswal. Sa pamamagitan ng mga layuning ito, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng teknolohiya, representasyong biswal, at pagbubuo ng mga kahulugang panlipunan tungkol sa kagandahan sa kontekstong Pilipino.

Research Questions

Layunin ng pag-aaral na kritikal na suriin ang kulturang biswal ng AI face filters at ang konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan ng mga mag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College.

Partikular, hinangad ng pag-aaral na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-anong katangiang biswal ang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng larawang orihinal at AI filters?
2. Paano binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga katangiang biswal na kanilang ginamit sa pagtukoy ng AI face filters?
3. Paano kinakatawan ng AI face filters ang pamantayan ng kagandahan batay sa interpretasyon ng mga mag-aaral?
4. Paano nakikilahok ang AI face filters sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan sa konteksto ng kulturang biswal?

Scope and Delimitation of the Study

Nililimitahan ang pag-aaral sa pagsusuri sa *AI face filters* bilang bahagi ng kulturang biswal at sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan batay sa interpretasyon ng mga piling mag-aaral sa Don Carlos

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

Polytechnic College. Hindi saklaw ng pag-aaral ang paghahambing ng mga pananaw batay sa kasarian, pagsusuri sa mga sikolohikal o klinikal na kondisyon gaya ng *body dysmorphic disorder*, at teknikal na pagsusuri sa mga algoritmo o mekanismo ng AI na ginagamit sa pagbuo ng mga *face filter*. Sa halip, nakatuon ito sa mga kahulugang iniuugnay ng mga kalahok sa mga katangiang biswal ng mga larawang kanilang sinuri, batay sa kanilang karanasan at interpretasyon.

Literature Review

Mga Katangiang Biswal ng AI Face Filters

Ang pag-uswag ng *Artificial Intelligence* (AI) ay nagbigay-daan sa paglikha at pagbabago ng mga larawan ng mukha na maaaring magmukhang makatotohanan. Dahil dito, mahalagang usapin sa pananaliksik ang pagtukoy sa mga katangiang biswal na ginagamit ng mga tao upang masuri kung ang isang larawan ay orihinal o binago gamit ang AI. Ayon kina Nightingale at Farid (2022), maaaring mahirapan ang mga tao sa pagkilala sa mga larawang may mga mukhang binuo ng AI dahil sa pagiging makatotohanan ng mga ito. Kaugnay nito, ipinakita nina Bray et al. (2023) at Stockner et al. (2026) na kabilang sa mga maaaring gamiting palatandaan ang sobrang kinis ng balat, simetriya ng mukha, balanseng proporsiyon, at kakulangan ng mga likas na imperpeksiyon. Gayunman, hindi nangangahulugang sapat nang batayan ang mga katangiang ito upang matiyak na binago ng AI ang isang larawan.

May kaugnayan dito ang mga natuklasan nina Miller et al. (2023) at Gray et al. (2025), na nagpapakita na maaaring iturin na kaakit-akit at makatotohanan ang mga mukhang binuo ng AI dahil sa kanilang halos perpektong katangiang pangmukha. Samakatuwid, may mahalagang tensiyon sa pagitan ng pagiging makatotohanan ng isang larawan at ng kakayahan ng tumitingin na matukoy ang artipisyal na pagbabago nito.

Habang ang ilang katangiang biswal ay maaaring magsilbing palatandaan ng pag-edit, maaari ring maging dahilan ang pagiging kapani-paniwala ng larawan upang hindi agad makilala ang pagbabago. Mahalaga ang ugnayang ito sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat sinusuri nito hindi lamang kung anong mga katangian ang napapansin ng mga mag-aaral, kundi pati kung paano nila ginagamit ang mga ito sa pagkilala sa mga larawang binago gamit ang *AI face filters*.

Pagbibigay-kahulugan sa mga Katangiang Biswal ng AI Face Filters

Hindi nagtatapos sa pagkilala sa mga pisikal na katangian ng larawan ang pagsusuri sa *AI face filters*. Mahalaga ring maunawaan kung paano binibigyang-kahulugan ng mga tumitingin ang mga katangiang kanilang napapansin. Ayon kay Hussain (2025), ang mga katangiang tulad ng makinis na balat, maputing kutis, at balanseng proporsiyon ng mukha ay madalas iugnay sa pagiging kaakit-akit. Samantala, natuklasan nina Sulimani et al. (2026) na maaaring maging batayan ng pag-uuri sa mga larawang may mukhang binuo ng AI ang malinaw na simetriya at pagkakapare-pareho ng mga katangiang pangmukha. Magkaugnay ang mga pag-aaral na ito sa pagpapakita na ang mga katangiang biswal ay maaaring gamitin kapwa sa pagtukoy sa pagbabago ng larawan at sa paghusga sa pisikal na kaakit-akit ng isang mukha.

Gayunman, higit na binibigyang-diin ng ibang pag-aaral ang papel ng interpretasyon sa pagbuo ng kahulugan. Ipinakita nina Velásquez-Salamanca et al. (2025) na ang paghusga sa pagiging makatotohanan ng isang larawan ay nakasalalay sa kahulugang iniuugnay ng tumitingin sa mga elementong biswal na kaniyang napapansin. Gayundin, iniulat nina Huang et al. (2025) na ang pagsusuri sa mga mukhang binuo ng AI ay maaaring nakabatay sa masusing pagtingin sa mga partikular na bahagi ng mukha. Kung ihahambing sa mga pag-aaral na nakatuon sa mga pisikal na palatandaan, higit na ipinakikita ng mga ito na ang pagkilala sa larawan ay isang proseso ng interpretasyon, hindi lamang mekanikal na pagtukoy sa mga katangian nito.

Sa konteksto ng kasalukuyang pananaliksik, mahalaga ang pagkakaibang ito sapagkat maaaring mapansin ng mga mag-aaral ang parehong katangiang biswal ngunit magkaiba ang kahulugang iugnay nila rito. Halimbawa, maaaring iturin ang makinis na balat bilang palatandaan ng digital na pag-edit, ngunit maaari rin itong bigyang-kahulugan bilang katangian ng idealisadong kagandahan. Sa gayon, nagiging mahalagang bahagi ng pagsusuri ang pag-unawa sa ugnayan ng napansing katangian, personal na interpretasyon, at umiiral na pananaw tungkol sa kagandahan.

Representasyon ng Pamantayan ng Kagandahan sa AI Face Filters

Sa pag-aaral ng kulturang biswal, ang *representasyon* ay tumutukoy sa paraan ng pagpapakita at pagbibigay-kahulugan sa mga ideya sa pamamagitan ng mga larawan at iba pang anyong biswal. Kaugnay nito, maaaring suriin ang *AI face filters* batay sa mga katangiang ipinakikita nilang kaakit-akit o kanais-nais. Ayon kay Hussain (2025), ang mga *beauty filter* ay maaaring magpakita ng mga idealisadong katangiang pisikal, kabilang ang makinis na balat, maputing kutis, at balanseng proporsiyon ng mukha. Dagdag pa rito, iniulat nina Garg et al. (2026) na may kaugnayan ang paggamit ng *AI beauty filters* sa pagnanais ng mga gumagamit

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

na maabot ang isang *ideal self*. Ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na ito na ang mga filter ay maaaring magpakita ng isang piniling bersiyon ng mukha na itinuturing na mas kaakit-akit kaysa sa orihinal na anyo.

Samantala, ipinakita nina Anani et al. (2024) na ang paggamit ng mga *beauty filter* ay may kaugnayan sa *filtered reality* at sa paraan ng pagpapakita ng sarili sa *social media*. Kaugnay nito, iniulat nina Mwangi et al. (2024) na ang paulit-ulit na pagkakalantad sa mga digital na representasyon ng kagandahan ay maaaring magpatibay sa mga pamantayang estetiko sa online na kapaligiran. Binigyang-diin din nina Toms et al. (2025) ang papel ng mga teknolohiyang nagbabago sa anyo ng mukha sa paghubog ng pananaw sa kagandahan. Bagama't magkakaugnay ang mga pag-aaral na ito, may pagkakaiba sa kanilang tuon: ang ilan ay nakasentro sa pagpapakita at pagpapaganda ng sarili, samantalang ang iba ay tumatalakay sa posibleng epekto ng paulit-ulit na pagkakalantad sa mga idealisadong larawan.

Sa kasalukuyang pag-aaral, ang representasyon ng pamantayan ng kagandahan ay susuriin sa pamamagitan ng mga katangiang kinikilala at binibigyang-kahulugan ng mga kalahok sa mga larawang binago gamit ang *AI face filters*. Ang pokus ay kung anong uri ng mukha o katangiang pisikal ang ipinakikitang kanais-nais sa mga larawan at kung paano ito iniuugnay ng mga mag-aaral sa kagandahan. Sa ganitong paraan, naihihiwalay ang pagsusuri sa mismong imaheng ipinakikita ng filter mula sa mas malawak na proseso ng pagbuo at pagpapatibay ng mga pamantayang panlipunan.

Konstruksyon ng Pamantayan ng Kagandahan sa Konteksto ng Kulturang Biswal

Samantalang nakatuon ang representasyon sa kung anong ideya ng kagandahan ang ipinakikita ng mga larawan, ang *konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan* ay tumutukoy sa proseso kung paano nagiging pamilyar, katanggap-tanggap, at maaaring ituring na kanais-nais ang mga ideyang ito sa loob ng isang kontekstong panlipunan. Sa ganitong pananaw, hindi sapat na suriin lamang ang anyo ng mukha sa isang larawan; kailangan ding isaalang-alang ang paulit-ulit na paglitaw ng mga larawan, ang mga platapormang nagpapalaganap sa mga ito, at ang mga interpretasyong ibinibigay ng mga gumagamit.

May batayan ang ganitong pagtingin sa mga natuklasan nina Anani et al. (2024), na nag-ugnay sa paggamit ng mga *beauty filter* sa pagkakakilanlan at pagpapakita ng sarili, at nina Mwangi et al. (2024), na tumalakay sa papel ng paulit-ulit na pagkakalantad sa mga digital na representasyon ng kagandahan. Higit na binibigyang-diin nina Szambolics et al. (2023) na ang paggamit ng mga *augmented reality* (AR) filter ay hindi lamang nakabatay sa kagustuhang pagandahin ang larawan; maaari rin itong maimpluwensiyahan ng mga kapwa gumagamit, *social media influencer*, at mga umiiral na normang panlipunan. Samantala, ipinakita nina Toms et al. (2025) na maaaring makaapekto sa pananaw sa kaakit-akit na mukha ang mga teknolohiyang nagbabago sa mga katangiang pangmukha. Sa pagsasama-sama ng mga pananaw na ito, makikitang ang pagbuo ng pamantayan ng kagandahan ay hindi lamang usapin ng mga katangiang ipinakikita ng teknolohiya, kundi pati ng kontekstong panlipunan kung saan nakikita, ginagamit, at binibigyang-kahulugan ang mga larawan.

Gayunman, hindi dapat ipalagay na awtomatikong tinatanggap ng lahat ng gumagamit ang mga ideyal na ipinakikita ng mga filter. Ang pagtingin sa mga larawan ay maaari ring mahubog ng personal na karanasan, pagpapahalaga, at kritikal na pag-unawa. Dahil dito, mahalagang siyasatin kung paano inuunawa ng mga mag-aaral ang papel ng *AI face filters* sa pagpapalaganap ng mga pamantayan ng kagandahan at kung kinikilala ba nila ang mga ito bilang batayan ng kagandahan o bilang mga digital na representasyong maaari nilang kuwestiyunin. Ang ganitong pagsusuri ang nag-uugnay sa mga katangiang biswal ng mga larawan, sa kahulugang ibinibigay ng mga tumitingin, at sa mas malawak na proseso ng konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan sa kulturang biswal.

Methodology

Research Design

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik upang masuri kung paano kinikilala at binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga katangiang biswal ng mga larawang binago gamit ang *AI face filters*, gayundin ang kanilang pag-unawa sa papel ng mga ito sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan. Ang kwalitatibong disenyo ay angkop sa pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa kahulugan, interpretasyon, at pananaw ng mga kalahok sa halip na sa pagsukat ng mga baryabol sa pamamagitan ng estadistikal na pagsusuri. Bilang pangunahing estratehiya sa pangangalap ng datos, ginamit ang *Visual Elicitation Technique* (VET), na sinuportahan ng *semi-structured interview*. Sa pamamaraang ito, ginagamit ang mga larawan bilang pampasigla upang mailahad ng mga kalahok ang kanilang obserbasyon, interpretasyon, at pangangatwiran. Ipinaliwanag ni Harper (2002) na maaaring magbigay ang mga biswal na materyal ng karagdagang paraan upang maipahayag at masuri ang mga karanasang hindi laging madaling mailarawan sa pamamagitan lamang ng pasalitang pagtatanong. Sa kasalukuyang pag-aaral, ginamit ang mga larawan upang makuha ang mga batayan ng mga mag-aaral sa pagtukoy sa mga larawang orihinal at binago

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

gamit ang AI, at upang masuri ang mga kahulugang iniuugnay nila sa mga katangiang biswal na kanilang napansin.

Research Locale

Isinagawa ang pag-aaral sa Don Carlos Polytechnic College, Poblacion Norte, Don Carlos, Bukidnon. Pinili ang institusyong ito bilang lugar ng pananaliksik sapagkat dito nagmula ang mga mag-aaral na naging kalahok sa pag-aaral. Nakatuon ang pangangalap ng datos sa kanilang interpretasyon sa mga larawang may kaugnayan sa AI face filters at sa mga pamantayan ng kagandahang ipinakikita ng mga ito sa kulturang biswal.

Research Participants

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng limang (5) mag-aaral na nagmula sa Don Carlos Polytechnic College, Poblacion Norte, Don Carlos, Bukidnon. Pinili sila sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa mga pamantayang itinakda ng mananaliksik, partikular ang pagiging mag-aaral ng institusyon, pagiging nasa wastong gulang (18 taong gulang pataas), at pagkakaroon ng karanasan sa paggamit o pagkakita ng mga *AI face filters* sa mga platapormang panlipunan. Itinuring silang angkop na kalahok sapagkat ang kanilang mga karanasan at interpretasyon ay may kaugnayan sa pagsusuri sa mga katangiang biswal ng mga larawang nilagyan ng *AI face filters* at sa mga pamantayan ng kagandahang ipinakikita ng mga ito. Kusang-loob ang kanilang paglahok matapos ipaliwanag ang layunin ng pag-aaral at hingin ang kanilang may-kaalamang pahintulot (*informed consent*). Upang mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan, gumamit ng mga kodigo sa pagtukoy sa kanilang mga sagot sa halip na ilahad ang kanilang mga pangalan.

Research Instrument

Gumamit ang pag-aaral ng dalawampung (20) larawang biswal bilang pangunahing stimulus sa *Visual Elicitation Technique* (VET), na sinuportahan ng isang semi-structured interview guide. Binubuo ang mga larawan ng sampung (10) orihinal na selfie at sampung (10) bersiyong binago sa tulong ng ChatGPT gamit ang mga *AI face filters*. Inilahad ang mga larawan sa mga kalahok upang suriin ang mga katangiang biswal na ginagamit nila sa pagkilala sa orihinal at binagong mga larawan, gayundin upang matukoy ang kanilang interpretasyon sa representasyon ng kagandahan sa mga ito. Sa pagbuo ng mga binagong larawan, ginamit ang ChatGPT bilang kagamitang pantulong sa pag-edit ng mga orihinal na selfie. Ang layunin ng prosesong ito ay makabuo ng mga larawang maaaring paghambingin batay sa mga katangiang biswal at sa representasyon ng pamantayan ng kagandahan. Upang mapanatili ang maihahambing na batayan ng pagsusuri, ipinares ang bawat orihinal na selfie sa katumbas nitong binagong bersiyon. Sa pagsusuri sa mga pares ng larawan, kailangang tukuyin kung nanatiling pareho o nagbago ang komposisyon, anggulo ng mukha, liwanag, ekspresyon, at iba pang katangiang biswal, gayundin kung napanatili ang pagkakakilanlan ng taong nasa larawan. Ang mga detalyeng ito ay dapat ilahad batay sa aktuwal na katangian ng mga larawang ginamit at hindi dapat ipahayag bilang ganap na kontrolado kung hindi naman ito sistematikong tiniyak ng mananaliksik. Bago gamitin sa pangangalap ng datos, sinuri ang mga larawan sa tulong ng tatlong (3) eksperto upang matasa ang kanilang kaangkupan sa layunin ng pag-aaral. Ginamit ang mga larawan bilang batayan ng talakayan sa mga kalahok, habang ang semi-structured interview guide ay nagsilbing gabay sa pagtatanong tungkol sa mga katangiang biswal, interpretasyon sa mga larawan, representasyon ng kagandahan, at posibleng papel ng mga *AI face filters* sa paghubog ng mga pamantayan ng kagandahan sa kulturang biswal.

Data Gathering Procedure

Una, humingi ang mananaliksik ng kinakailangang pahintulot mula sa administrasyon ng Don Carlos Polytechnic College at kumuha ng boluntaryong pahintulot mula sa mga kalahok. Ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral, ang mga gawaing kanilang lalahukan, at ang pangangalaga sa kanilang mga larawan at sagot. Ikalawa, inihanda ang dalawampung larawan na binubuo ng sampung orihinal na *selfie* at sampung bersiyong binago gamit ang AI face filters. Inayos ang mga larawan sa random na pagkakasunod-sunod upang hindi agad mahinuha ng mga kalahok ang pagkakagrupo ng mga ito. Ikatlo, isinagawa ang *Visual Identification Activity*. Tiningnan ng bawat kalahok ang mga larawan, tinukoy ang mga larawang sa kanilang palagay ay binago gamit ang AI, at ipinaliwanag ang mga katangiang biswal na naging batayan ng kanilang mga sagot. Ikaapat, isinagawa ang *semi-structured interview* upang higit na maunawaan ang interpretasyon ng mga kalahok sa mga larawan at ang kanilang pananaw sa pamantayan ng kagandahan. Itinala ang mga panayam alinsunod sa pahintulot ng mga kalahok. Ikalima, isinalin sa tekstuwal na anyo ang mga naitalang panayam. Inihanda ang mga transkripsiyon para sa sistematikong pagsusuri, habang pinangangalagaan ang pagiging kompidensiyal ng mga kalahok sa pamamagitan ng paggamit ng mga koda sa halip na tunay na pangalan.

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

Results and Discussions

Research Question 1: Ano-anong katangiang biswal ang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng larawang orihinal at AI filters?

Table 1. Mga Temang Lumitaw sa mga Katangiang Biswal na Ginagamit ng mga Mag-aaral sa Pagtukoy ng AI Face Filters

Tema	Mga Kategorya	Mga Paunang Koda
1. Pagkawala ng mga Likas na Detalye ng Balat Bilang Pangunahing Palatandaan ng AI Face Filters	Natural Skin Texture	Makinis na balat, pores, imperpeksiyon, texture, pantay na kutis
2. Perpektong Proporsyon ng Mukha Bilang Indikasyon ng Artipisyal na Pagbabago	Facial Proportion	Simetrikal na mukha, matangos na ilong, malalaking mata, balanseng hugis ng mukha
3. Pagiging Makatotohanan ng Kabuuang Larawan Bilang Batayan ng Pagkilala sa AI	Overall Image Authenticity	Liwanag, anino, natural na ekspresyon, kabuuang presentasyon ng larawan
4. Kontekstuwal na Pagbasa sa Larawan Higit sa mga Katangiang Biswal	Contextual Evaluation	Kamera, ilaw, photo editing, AI bilang kasangkapan, konteksto

Batay sa Talahanayan 1, gumamit ang mga kalahok ng apat na pangunahing batayan sa pagtukoy sa mga larawang maaaring binago gamit ang AI face filters: pagkawala ng mga likas na detalye ng balat, perpektong proporsyon ng mukha, pagiging makatotohanan ng kabuuang larawan, at kontekstuwal na pagbasa sa imahe. Ipinakikita ng mga temang ito na hindi lamang nakatuon ang pagkilala ng mga kalahok sa isang bahagi ng mukha. Sa halip, sinusuri nila ang ugnayan ng mga detalye ng balat, proporsyon ng mukha, liwanag, anino, ekspresyon, at pangkalahatang presentasyon ng larawan. Gayunman, ipinahihiwatig din ng tema ng kontekstuwal na pagsusuri na hindi sapat ang mga katangiang biswal lamang upang matiyak na ginamitan ng AI ang isang larawan, sapagkat maaari ring maapektuhan ang hitsura nito ng kamera, liwanag, at iba pang paraan ng pag-edit.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Bray et al. (2023), na tumalakay sa kakayahan ng tao na makilala ang mga larawang *deepfake* ng mukha, at nina Nightingale at Farid (2022), na nagpakitang maaaring mahirapan ang mga tao na makilala ang mga AI-synthesized na mukha dahil sa mataas na antas ng pagiging makatotohanan ng mga ito. Ang pagkakatulad ay makikita sa pagkilala sa kahalagahan ng mga palatandaang biswal at sa limitasyon ng kakayahan ng tao na matukoy ang artipisyal na pinagmulan ng isang imahe. Gayunman, naiiba ang diin ng kasalukuyang pag-aaral sapagkat hindi lamang nito tinukoy ang mga palatandaang ginagamit sa pagkilala sa AI face filters; sinuri rin nito kung paano binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga palatandaang iyon sa konteksto ng pamantayan ng kagandahan. Samakatuwid, ang ambag ng pag-aaral ay nasa pag-uugnay ng pagkilala sa mga katangiang biswal at ng kahulugang panlipunang iniuugnay sa mga ito, sa halip na sa pagsukat lamang ng katumpakan ng pagkilala sa AI-generated na mga mukha.

Mauunawaan din ang resultang ito sa pamamagitan ng teorya ng *representation* ni Hall (1997), na nagpapaliwanag na ang kahulugan ng mga imahe ay nabubuo sa pamamagitan ng mga palatandaan at sistemang pangkultura. Sa ganitong pananaw, ang makinis na balat o simetrikal na mukha ay hindi lamang pisikal na katangian; maaari rin itong basahin bilang palatandaan ng artipisyal na pagbabago o ng isang ideyal na anyo. Kaugnay nito, ipinahihiwatig ng pananaw ni Berger (1972) sa *Ways of Seeing* na ang pagtingin sa isang larawan ay hindi ganap na neutral, sapagkat ang interpretasyon ay maaaring maimpluwensiyahan ng dating karanasan at kontekstong panlipunan ng tumitingin. Sa kasalukuyang pag-aaral, makikita ito sa paggamit ng mga kalahok sa kabuuang konteksto ng larawan, sa halip na umasa lamang sa iisang katangiang pangmukha.

May mahalagang implikasyon ang mga natuklasang ito sa pagtuturo ng AI literacy at media literacy. Kailangang malinang sa mga mag-aaral ang kakayahang magsuri ng mga katangiang biswal nang may pag-iingat, sapagkat ang pagiging makinis o simetrikal ng isang mukha ay hindi awtomatikong patunay na ginamitan ito ng AI. Mahalaga ring maunawaan nila na ang mga larawang nakikita sa digital na kapaligiran ay maaaring produkto ng iba't ibang teknolohiya at pasiya sa pag-edit. Sa gayon, ang kritikal na pagbasa sa larawan ay dapat nakabatay kapwa sa nakikitang ebidensiya at sa maingat na pagsusuri sa konteksto nito.

Research Question 2: Paano binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga katangiang biswal na kanilang ginamit sa pagtukoy ng AI face filters?

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

Table 2. Mga Temang Lumitaw sa Pagbibigay-kahulugan ng mga Mag-aaral sa mga Katangiang Biswal ng AI Face Filters

Tema	Mga Kategorya	Mga Paunang Koda
1. Mga Katangiang Biswal Bilang Simbolo ng Idealisadong Kagandahan	Beauty ideals	Makinis na balat, maputing kutis, simetrikal na mukha, perpektong proporsyon
2. AI Face Filters Bilang Midyum ng Digital na Presentasyon ng Sarili	Self-presentation	Imaheng nais ipakita, presentable, digital identity, pagpapaganda ng larawan
3. Pagitan ng Artipisyal at Tunay na Kagandahan	Authenticity	Hindi tunay na hitsura, natural beauty, edited image, pagiging autentiko
4. Kagandahan Bilang Subhetibong Konsepto at Hindi Nakatali sa AI	Alternative interpretation	AI bilang kasangkapan, beauty is subjective, hindi sukatan ang AI, tao ang nagbibigay ng kahulugan

Batay sa Talahanayan 2, ang mga katangiang biswal na ginagamit ng mga kalahok sa pagkilala sa AI face filters ay nagtataglay rin ng kahulugang panlipunan. Ang makinis na balat, maputing kutis, simetrikal na mukha, at balanseng proporsiyon ay iniugnay sa idealisadong kagandahan, samantalang ang paggamit ng mga filter ay iniuugnay sa pagpapakita ng mas presentable o kanais-nais na sarili sa digital na espasyo. Lumitaw din ang pagkakaiba sa pagitan ng artipisyal na pagpapaganda at likas na kagandahan. Gayunman, hindi lahat ng kalahok ay tumanggap sa mga katangiang ito bilang pangkalahatang sukatan ng kagandahan; ipinakita ng isang alternatibong pananaw na ang kagandahan ay nananatiling subhetibo at ang AI ay isang kasangkapan lamang sa pagbuo ng larawan.

Ang mga resultang ito ay umaayon sa talakayan ni Hussain et al. (2025) tungkol sa papel ng AI at social media sa pagbabago ng mga pamantayang estetiko, partikular sa pagpapahalaga sa mga idealisadong katangiang pisikal. Kaugnay nito, ipinakita nina Velásquez-Salamanca et al. (2025) na mahalaga ang interpretasyon ng tumitingin sa pag-unawa sa mga larawang gawa ng tao o AI. Ang pagkakatulad ng mga pag-aaral ay makikita sa pagkilala na ang pagtingin sa mga larawan ay hindi lamang nakabatay sa kanilang teknikal na katangian, kundi pati sa kahulugang iniuugnay sa mga ito. Ang natatanging ambag ng kasalukuyang pag-aaral ay ang pagpapakita na ang interpretasyon ng mga kalahok ay hindi iisa: bagama't iniuugnay ng ilan ang ilang katangiang pisikal sa idealisadong kagandahan, may mga pananaw ding kumikilala sa pagiging subhetibo ng kagandahan at sa kahalagahan ng pagiging autentiko.

Sa teorya ni Hall (1997), ang kahulugan ng isang representasyon ay hindi likas na nakakabit sa mismong imahe; nabubuo ito sa pamamagitan ng mga palatandaang binibigyang-kahulugan sa loob ng isang sistemang pangkultura. Samakatuwid, ang makinis na balat o maputing kutis ay maaaring maging simbolo ng pagiging kaakit-akit dahil sa mga kahulugang panlipunang ikinakabit sa mga katangiang ito. Sa pananaw naman ni Berger (1972), mahalagang suriin kung paano nahuhubog ng kulturang biswal ang paraan ng pagtingin ng mga tao sa kanilang sarili at sa iba. Sa konteksto ng pag-aaral, ipinahihiwatig nito na ang interpretasyon sa mga AI-enhanced na mukha ay maaaring maiugnay sa mga larawang madalas makita at sa mga pamantayang estetiko na nakasanayan ng mga tumitingin.

Mahalaga ang resultang ito sapagkat ipinakikita nitong hindi sapat na turuan ang mga mag-aaral na tukuyin kung ang isang larawan ay binago gamit ang AI. Kailangan din silang hikayating suriin kung bakit ang ilang katangiang pisikal ay itinuturing na mas kaakit-akit kaysa sa iba, kung saan nagmumula ang ganitong pananaw, at kung paano nakaaapekto ang mga digital na representasyon sa pagtingin sa sarili at sa kapwa. Gayunman, dahil nakabatay ang resulta sa interpretasyon ng limang kalahok, hindi ito dapat ituring na patunay na pare-pareho ang pananaw ng lahat ng mag-aaral o kabataang Pilipino.

Research Question 3: Paano kinakatawan ng AI face filters ang pamantayan ng kagandahan batay sa interpretasyon ng mga mag-aaral?

Table 3. Mga Temang Lumitaw sa Representasyon ng Pamantayan ng Kagandahan sa AI Face Filters

Tema	Mga Kategorya	Mga Paunang Koda
1. AI Face Filters Bilang Representasyon ng Perpektong Pisikal na Anyo	Physical perfection	Makinis na balat, maputing kutis, walang kapintasan, malinaw na mukha, perpektong proporsyon
2. Pagkakapare-pareho ng Mukha Bilang Pamantayan ng Kagandahan	Standardized beauty	Pare-parehong mukha, bata ang hitsura, matangos na ilong, malalaking mata, simetrikal na mukha
3. Pagitan ng Digital na Kagandahan at Likas na Kagandahan	Authenticity vs. enhancement	Mas kaakit-akit sa larawan, natural beauty, tunay na anyo, AI-enhanced appearance
4. Kagandahan Bilang Subhetibong Konsepto	Beauty is subjective	AI bilang kasangkapan, iba-iba ang pamantayan, tao ang nagbibigay ng kahulugan

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

Batay sa Talahanayan 3, kinakatawan ng AI face filters ang isang idealisadong anyo ng kagandahan na inilalarawan sa pamamagitan ng makinis na balat, pantay na kutis, malinaw na mukha, at balanseng proporsiyon. Lumitaw din ang tema ng pagkakapare-pareho ng mga katangiang pangmukha, kabilang ang kabataan ng hitsura, matangos na ilong, malalaking mata, at simetriya. Ipinahihiwatig ng mga temang ito na ang idealisadong mukha ay hindi lamang inilalarawan bilang kaakit-akit, kundi maaari ring magmukhang nakabatay sa magkakatulad na katangiang estetiko. Gayunpaman, ipinakita rin ng mga kalahok na hindi awtomatikong nangangahulugan ang mas pinakinis o pinahusay na imahe ng higit na tunay na kagandahan. Nanatili rin ang pananaw na ang kagandahan ay subhetibo at hindi dapat itakda ng teknolohiya lamang.

Ang resulta ay umaayon sa pag-aaral ni Hussain et al. (2025), na tumalakay sa paraan ng paghubog ng AI at social media sa mga pamantayang estetiko, at sa pag-aaral nina Garg et al. (2026), na nag-ugnay sa AI beauty filters at sa konsepto ng *ideal self*. Sa mga pag-aaral na ito, makikita ang pagkakatulad sa pagpapakita ng mga digital na larawan bilang daluyan ng mga idealisadong katangiang pisikal. Gayunman, higit na nakatuon ang kasalukuyang pag-aaral sa kung paano binabasa at binibigyang-kahulugan ng mga mag-aaral ang mga representasyong ito. Sa gayon, hindi lamang inilalarawan ng mga resulta ang mga katangiang itinuturing na kaakit-akit; ipinakikita rin nila ang tensiyon sa pagitan ng digital na pagpapahusay ng anyo at ng pagpapahalaga sa likas at magkakaibang anyo ng kagandahan.

Mahalagang ihiwalay dito ang *representasyon* at *konstruksyon* ng pamantayan ng kagandahan. Sa pananaw ni Hall (1997), ang representasyon ay tumutukoy sa paraan ng pagbuo at pagpapahayag ng kahulugan sa pamamagitan ng mga palatandaan. Sa ganitong diwa, kinakatawan ng AI face filters ang kagandahan sa pamamagitan ng pagpili at pagpapatingkad sa ilang katangiang pisikal. Samantala, ang pananaw ni Berger (1972) ay nagbibigay-diin sa ugnayan ng pagtingin at kulturang biswal. Kapag ang mga idealisadong mukha ay palaging nakikita sa mga digital na plataporma, maaari nilang maimpluwensiyahan ang mga pamantayang ginagamit ng mga tao sa paghusga sa mga larawan. Gayunman, hindi sapat ang kasalukuyang datos upang patunayang awtomatikong tinatanggap ng mga kalahok ang mga representasyong ito bilang personal nilang pamantayan ng kagandahan.

Ang implikasyon nito ay dapat suriin ang mga AI-enhanced na larawan hindi lamang batay sa kanilang estetikong anyo, kundi pati sa mga katangiang pinipili nilang ipakita at sa mga anyong maaaring hindi gaanong nabibigyang-pansin. Sa edukasyon, maaaring gamitin ang mga ganitong larawan sa mga gawaing kritikal na pagsusuri upang talakayin ang pagkakaiba-iba ng pisikal na anyo, ang pagiging subhetibo ng kagandahan, at ang epekto ng paulit-ulit na pagpapakita ng magkakatulad na katangiang estetiko. Sa ganitong paraan, nagiging mahalagang bahagi ng visual literacy ang pagtatanong kung anong konsepto ng kagandahan ang ipinakikita ng isang larawan at kung anong mga pananaw ang maaaring naiiwan o hindi nabibigyang-pansin.

Research Question 4: Paano nakikilahok ang AI face filters sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan sa konteksto ng kulturang biswal?

Table 4. Mga Temang Lumitaw sa Partisipasyon ng AI Face Filters sa Konstruksyon ng Pamantayan ng Kagandahan sa Kulturang Biswal

Tema	Mga Kategorya	Mga Paunang Koda
1. Normalisasyon ng Idealisadong Kagandahan sa Pamamagitan ng AI Face Filters	Beauty normalization	Walang kapintasan, paulit-ulit na nakikita, nagiging normal, mataas na pamantayan
2. Social media Bilang Daluyan ng Pagpapalaganap ng Pamantayan ng Kagandahan	Digital exposure	Social media, madalas makita, online platforms, positibong reaksiyon, viral images
3. Pagbabago sa Pagtingin ng Kabataan sa Sarili at sa Kaganda*+han	Self-perception	Self-comparison, kumpiyansa, pagtanggap sa sarili, ideal appearance
4. Aktibong Papel ng Tao sa Pagbibigay-kahulugan sa Kagandahan	Human agency	AI bilang kasangkapan, kritikal na pagtingin, beauty is subjective, tao ang nagbibigay ng kahulugan

Batay sa Talahanayan 4, ipinahihiwatig ng mga kalahok na nakikilahok ang AI face filters sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagpapakita ng mga idealisadong katangiang pisikal sa social media. Lumitaw ang apat na magkakaugnay na tema: normalisasyon ng idealisadong kagandahan, social media bilang daluyan ng pagpapalaganap ng mga pamantayan, pagbabago sa pagtingin ng kabataan sa sarili at sa kagandahan, at aktibong papel ng tao sa pagbibigay-kahulugan sa mga larawan. Ipinakikita ng mga temang ito ang posibleng ugnayan ng paulit-ulit na pagkakalantad sa mga idealisadong imahe at ng pagbuo ng mga pananaw tungkol sa pagiging kaakit-akit. Gayunman, mahalagang bigyang-diin na ang resultang ito ay nakabatay sa interpretasyon ng mga kalahok at hindi sa direktang pagsukat ng pangmatagalang pagbabago sa kanilang pagtingin sa sarili.

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

Ang natuklasan ay umaayon sa pag-aaral nina Hussain et al. (2025), na tumalakay sa papel ng AI at social media sa pagpapalaganap ng mga idealisadong pamantayan ng kagandahan. Kaugnay nito, ipinakita nina Szambolics et al. (2023) na ang paggamit ng augmented reality filters ng mga kabataan ay hindi lamang nakabatay sa estetikong dahilan, kundi nauugnay rin sa panlipunang konteksto at impluwensiya ng digital na kapaligiran. Ang pagkakatulad ay nasa pagkilala sa papel ng mga digital na plataporma sa paglaganap at normalisasyon ng mga representasyong estetiko. Ang mahalagang dagdag na pananaw ng kasalukuyang pag-aaral ay ang pagkilala sa aktibong papel ng mga gumagamit: bagama't maaaring makaimpluwensiya ang mga idealisadong larawan sa pagtingin sa kagandahan, hindi nangangahulugang tinatanggap ng lahat ng tumitingin ang mga ito bilang pamantayan.

Sa teorya ni Hall (1997), nagiging makabuluhan ang representasyon sa loob ng sistemang pangkultura na nagbibigay-kahulugan sa mga palatandaan. Sa kontekstong ito, maaaring makibahagi ang AI face filters sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan kapag ang ilang katangiang pisikal ay paulit-ulit na ipinakikita bilang kanais-nais at binibigyang-kahulugan sa ganitong paraan. Samantala, sa pananaw ni Berger (1972), ang paraan ng pagtingin ay may kaugnayan sa kulturang biswal na kinabibilangan ng isang tao. Dahil dito, ang madalas na pagkakita sa mga AI-enhanced na larawan ay maaaring maging bahagi ng kontekstong humuhubog sa pagtingin ng mga gumagamit sa kagandahan. Gayunman, ang dalawang teoryang ito ay ginagamit dito bilang lente sa interpretasyon ng mga resulta, hindi bilang patunay na direktang sanhi ng pagbabago sa pananaw ng mga kalahok ang AI face filters.

Mula sa mga natuklasan, maaaring unawain ang konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan bilang isang prosesong kinasasangkutan ng teknolohiya, mga larawang umiikot sa social media, mga kahulugang panlipunan, at interpretasyon ng mga gumagamit. Hindi lamang ang mismong filter ang mahalagang suriin, kundi pati ang mga katangiang pinipili nitong pagandahin, ang mga larawang paulit-ulit na nakikita, at ang paraan ng pagtanggap o pagtutol ng mga tao sa mga representasyong iyon. Samakatuwid, mahalagang isama sa mga programang pang-edukasyon ang kritikal na pagsusuri sa kulturang biswal at AI literacy upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan na ang digital na representasyon ng kagandahan ay hindi neutral o likas na pamantayan, kundi isang kahulugang maaaring suriin, kuwestiyunin, at bigyang-kahulugan sa iba't ibang paraan.

Table 5. Buod ng mga Natuklasan sa Pag-aaral

Suliranin ng Pag-aaral	Pangunahing Natuklasan
1. Suliranin Blg. 1	Pagkilala sa AI sa pamamagitan ng mga katangiang biswal ng mukha at larawan.
2. Suliranin Blg. 2	Pag-uugnay ng mga katangiang biswal sa idealisadong kagandahan at pagiging autentiko.
3. Suliranin Blg. 3	Paglalarawan sa AI face filters bilang representasyon ng idealisadong pamantayan ng kagandahan.
4. Suliranin Blg. 4	Pagkilala sa AI face filters bilang kalahok sa paghubog ng pamantayan ng kagandahan sa kulturang biswal.

Sa kabuuan, ipinakikita ng Talahanayan 5 ang magkakaugnay na daloy ng mga natuklasan: mula sa pagkilala sa mga katangiang biswal ng AI face filters, hanggang sa pagbibigay-kahulugan sa mga ito, pagsusuri sa representasyon ng kagandahan, at pag-unawa sa posibleng papel ng mga ito sa konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan sa kulturang biswal. Binibigyang-diin din ng sintesis na ang kahulugan ng kagandahan ay hindi ganap na itinatakda ng teknolohiya, sapagkat patuloy itong binibigyang-kahulugan ng mga gumagamit batay sa kanilang karanasan at pananaw.

Ethical Considerations

Isinagawa ang pag-aaral alinsunod sa mga prinsipyong etikal sa pananaliksik, partikular sa paggalang sa dignidad, pribasiya, at karapatan ng mga kalahok. Bago ang pangangalap ng datos, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang mga pamamaraang gagamitin, ang paggamit ng kanilang mga larawan sa Visual Elicitation Technique (VET), at ang kanilang karapatang tumangging lumahok o umatras sa pag-aaral nang walang kaparusahan. Kumuha rin ng pahintulot para sa paggamit at pagproseso ng mga larawang ginamit sa pananaliksik, kabilang ang mga larawang binago gamit ang AI. Bilang bahagi ng pangangalaga sa personal na datos, isinasaalang-alang sa pag-aaral ang mga probisyon ng Republic Act No. 10173, o *Data Privacy Act of 2012*. Partikular na binigyang-pansin ang mga prinsipyong transparency, legitimate purpose, at proportionality sa pangangalap at paggamit ng datos. Nangangahulugan ito na ipinaalam sa mga kalahok ang layunin ng pagkuha ng kanilang impormasyon at mga larawan, nilimitahan ang paggamit ng mga ito sa itinakdang layunin ng pananaliksik, at iniwasan ang pangangalap o paggamit ng impormasyong hindi kinakailangan sa pag-aaral. Alinsunod din sa mga prinsipyo ng batas, kailangang mapangalagaan ang pagiging kompidensiyal ng mga datos at maiwasan ang hindi awtorisadong pag-access, paggamit, o pagsisiwalat ng mga

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

ito. Upang mapanatili ang pagiging kompidensiyal, gumamit ng mga koda sa halip na tunay na pangalan sa transkripsiyon, pagsusuri, at paglalahad ng mga resulta. Ang mga larawan, tala, at transkripsiyon ng mga panayam ay nilayon lamang gamitin para sa layunin ng pananaliksik at dapat pangalagaan sa pamamagitan ng angkop na mga hakbang sa seguridad. Ang mga larawang may pagkakakilanlan ay hindi dapat ilathala o ibahagi sa labas ng saklaw na ipinaliwanag sa mga kalahok at pinahintulutan nila. Isinaalang-alang din ang responsableng paggamit ng AI sa pagbabago ng mga larawan, gayundin ang pangangailangang igalang ang pahintulot, pribasiya, at dignidad ng mga taong nasa mga ito. Sa kabuuan, binigyang-diin ng pag-aaral ang responsableng pagproseso ng personal na datos at ang pagprotekta sa mga karapatan ng mga kalahok sa bawat yugto ng pananaliksik. Ang pagsunod sa mga prinsipyong ito ay mahalaga upang matiyak na ang paggamit ng mga larawan at salaysay ng mga kalahok ay naaayon sa layunin ng pag-aaral at hindi nagdudulot ng hindi kinakailangang panganib sa kanilang pribasiya.

Conclusion

Ipinakikita ng pag-aaral na ang mga AI face filter ay hindi lamang mga kasangkapang teknolohikal para sa pagpapaganda ng mga larawan, kundi mga artifact ng kulturang biswal na nakikilahok sa paghubog ng kahulugan ng kagandahan sa digital na espasyo. Batay sa pagsusuri sa mga larawang orihinal at binago gamit ang AI at sa mga interpretasyon ng mga kalahok, natukoy na kabilang sa mga palatandaang ginagamit upang makilala ang mga larawang binago ng AI ang pagkawala ng likas na detalye ng balat, pagkakaroon ng higit na proporsiyonal na mga katangian ng mukha, at pangkalahatang anyo ng larawang tila labis na pinakinis o pinaganda. Gayunman, ipinakita rin ng mga kalahok na hindi sapat ang mga katangiang biswal lamang upang matiyak kung ang isang larawan ay binago ng AI, sapagkat nakaaapekto rin sa kanilang paghatol ang konteksto at kabuuang presentasyon ng larawan. Sa usapin ng representasyon ng kagandahan, ipinakikita ng mga natuklasan na ang mga AI face filter ay maaaring magtaguyod ng imahen ng kagandahang nakaugnay sa makinis na balat, maayos na proporsiyon ng mukha, at kawalan ng mga karaniwang imperpeksiyon. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na paglitaw at sirkulasyon ng ganitong mga larawan sa social media, maaaring maging pamilyar at katanggap-tanggap ang isang idealisadong anyo ng mukha bilang pamantayan ng kagandahan. Gayunpaman, hindi ganap na pasibo ang mga kabataan sa pagtanggap sa mga representasyong ito. Ipinakita ng mga kalahok ang kakayahang kumuwestiyon sa pagiging artipisyal ng mga larawan at kilalanin na ang kagandahan ay hindi lamang nakabatay sa teknolohikal na pagpapahusay ng pisikal na anyo. Ang pangunahing ambag ng pag-aaral ay ang pag-uugnay sa pagkilala sa mga katangiang biswal, pagbibigay-kahulugan sa representasyon ng kagandahan, at pag-unawa sa posibleng konstruksyon ng mga pamantayan ng kagandahan sa konteksto ng paggamit ng AI face filters. Sa pamamagitan ng teorya ng representasyon ni Stuart Hall at pananaw ni John Berger sa pagtingin at kulturang biswal, naipakikita na ang mga larawan ay hindi simpleng salamin ng realidad. Ang mga ito ay nagtataglay ng mga kahulugang maaaring hubugin ng teknolohiya, konteksto ng pagtingin, at panlipunang pagpapahalaga. Sa ganitong pag-unawa, ang AI face filters ay maaaring magsilbing daluyan ng pagpapalaganap ng mga idealisadong anyo ng kagandahan, ngunit ang kahulugan at pagtanggap sa mga ito ay patuloy ding hinuhubog ng interpretasyon at kritikal na paghatol ng mga tumitingin. May mahalagang implikasyon ang mga natuklasang ito sa edukasyong pangmidya at digital literacy. Hindi sapat na matutuhan lamang ng mga kabataan kung paano gumamit o kumilala ng mga AI face filter; mahalaga ring malinang ang kanilang kakayahang suriin kung anong konsepto ng kagandahan ang itinatampok ng mga larawan, anong mga katangian ang itinatago o binabago, at kung paano maaaring makaapekto ang paulit-ulit na pagtingin sa mga idealisadong larawan sa pag-unawa nila sa sarili at sa iba. Maaari itong maisama sa mga talakayan at gawaing pampaaralan tungkol sa kritikal na pagsusuri ng mga larawan, representasyon ng identidad, at responsableng paggamit ng mga teknolohiyang pangmidya. Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na ang konstruksyon ng pamantayan ng kagandahan sa kulturang biswal ay hindi lamang bunga ng teknolohikal na pagbabago, kundi ng ugnayan ng mga imaheng nalilikha, mga kahulugang iniuugnay sa mga ito, at mga panlipunang kontekstong kanilang ginagalawan. Gayunman, dahil limang mag-aaral lamang ang lumahok sa pag-aaral, ang mga natuklasan ay dapat unawain bilang mga kontekstuwal na pananaw ng mga kalahok at hindi bilang representasyon ng lahat ng kabataang Pilipino. Sa kabila ng limitasyong ito, nagbibigay ang pag-aaral ng batayan para sa mas malalim na pagsusuri sa papel ng AI face filters sa kulturang biswal at sa pangangailangang linangin ang mapanuri, mulat, at responsableng pagtingin sa mga digital na representasyon ng kagandahan.

Recommendations

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, inihahain ang mga sumusunod na rekomendasyon upang maisalin sa mga konkretong gawaing pang-edukasyon ang pag-unawa sa AI face filters at sa papel ng mga ito sa paghubog ng pamantayan ng kagandahan sa kulturang biswal. Una, para sa mga institusyong pang-edukasyon, iminumungkahi ang pagsasama ng mga gawain sa kritikal na pagsusuri ng mga larawang binago gamit ang AI sa mga asignaturang may kaugnayan sa Filipino, komunikasyon, media and

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

information literacy, at digital literacy. Halimbawa, maaaring maghanda ang mga guro ng gawaing *paghahambing ng larawan* kung saan susuriin ng mga mag-aaral ang orihinal at binagong larawan batay sa detalye ng balat, proporsiyon ng mukha, at kabuuang presentasyon. Pagkatapos, maaari silang pasagutin sa mga tanong tulad ng: Anong katangian ng kagandahan ang itinatampok ng larawan? Anong mga detalye ang binago o nawala? Paano nakaaapekto ang mga pagbabagong ito sa paraan ng pagtingin natin sa natural na anyo ng tao? Sa ganitong paraan, mahihikayat ang mga mag-aaral na magsuri sa halip na basta tumanggap ng mga digital na representasyon. Ikalawa, para sa mga guro, iminumungkahi ang pagbuo ng mga gawaing pampagkatuto na nakatuon sa ugnayan ng teknolohiya, identidad, at pamantayan ng kagandahan. Maaaring ipagawa ang pagsusuri sa mga post, patalastas, o larawang gumagamit ng mga filter sa social media, kalakip ang isang maikling repleksiyon tungkol sa mensaheng ipinahihiwatig ng mga ito. Maaari ring gumamit ng rubrik na sumusukat sa kakayahan ng mga mag-aaral na tukuyin ang mga katangiang biswal, magpaliwanag ng kahulugan ng mga ito, at maglahad ng makatwirang interpretasyong nakabatay sa ebidensiya. Dapat bigyang-diin sa mga gawaing ito ang mapanuring pag-unawa at hindi ang paghusga sa pisikal na anyo ng sinumang mag-aaral. Ikatlo, para sa mga tagapangasiwa ng paaralan at mga yunit na nangangasiwa sa student development, maaaring magsagawa ng mga seminar, talakayan, o kampanya tungkol sa responsableng paggamit ng AI at social media. Maaaring kabilang sa mga aktibidad ang pagpapaliwanag sa pagkakaiba ng orihinal at digital na representasyon, pagsusuri sa mga mensaheng ipinahihiwatig ng mga idealisadong larawan, at pagtalakay sa kahalagahan ng paggalang sa iba't ibang anyo ng pisikal na katangian. Maaari ring bumuo ng mga materyales na pang-edukasyon, gaya ng infographics o maikling gabay sa kritikal na pagtingin sa mga larawang digital na binago. Ang mga aktibidad na ito ay dapat nakatuon sa digital awareness, paggalang sa pagkakaiba-iba, at responsableng pakikilahok sa online na espasyo. Ikaapat, para sa mga mag-aaral, hinihikayat ang mas mapanuri at responsableng paggamit ng AI face filters. Bago magbahagi o gumamit ng isang binagong larawan, maaari nilang pag-isipan kung anong mensahe ang ipinahihiwatig nito tungkol sa kagandahan, kung malinaw ba sa tumitingin na binago ang larawan, at kung paano nila maipakikita ang paggalang sa iba't ibang anyo ng pisikal na katangian. Maaari ring magsagawa ang mga organisasyong pangmag-aaral ng mga kampanya sa social media na nagtatampok ng iba't ibang anyo ng kagandahan at naghihikayat sa kritikal na pagtingin sa mga digital na representasyon, sa halip na magtakda ng iisang pamantayan ng kaakit-akit na anyo. Ikalima, para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi ang pagsasagawa ng mga pag-aaral na may mas malawak at mas magkakaibang pangkat ng kalahok mula sa iba't ibang institusyon at lokasyon. Maaaring suriin sa mga susunod na pananaliksik kung nagkakaiba ang interpretasyon sa AI face filters batay sa edad, karanasan sa social media, o dalas ng paggamit ng mga filter. Maaari ring palawakin ang pagsusuri sa pamamagitan ng paghahambing ng iba't ibang uri ng AI face filters at digital platforms. Dahil limang mag-aaral lamang ang lumahok sa kasalukuyang pag-aaral, makatutulong ang mas malawak na pananaliksik upang matukoy kung ang mga temang lumitaw ay makikita rin sa ibang konteksto. Gayunman, dapat manatiling nakabatay sa angkop na disenyo at datos ang anumang konklusyon tungkol sa ugnayan ng paggamit ng AI face filters at pananaw ng kabataan sa kagandahan.

References

Anani, P. W., Mintah, F. D., Danso, A. A. A., & Churcher, E. W. (2024). Filtered reality: Exploring the motives and socio-demographic factors of smartphone beauty filter usage among university students in Ghana. Cogent Social Sciences, 10(1), Article 2392381. https://doi.org/10.1080/23311983.2024.2392381

Berger, J. (1972). Ways of seeing. Penguin Books.

Bray, S. D., Johnson, S. D., & Kleinberg, B. (2023). Testing human ability to detect "deepfake" images of human faces. Journal of Cybersecurity, 9(1), Article tyad011. https://doi.org/10.1093/cybsec/tyad011

Fardouly, J., & Vartanian, L. R. (2016). Social media and body image concerns: Current research and future directions. Current Opinion in Psychology, 9, 1–5. https://doi.org/10.1016/j.copsyc.2015.09.005

Garg, A., Goel, P., Rana, N. P., & Mishra, A. (2026). AI beauty filters and appearance self-esteem: An empirical investigation. Journal of Consumer Behaviour. Advance online publication. https://doi.org/10.1002/cb.70141

Gray, K. L. H., Davis, J. P., Bunce, C., Noyes, E., & Ritchie, K. L. (2025). Training human super-recognizers' detection and discrimination of AI-generated faces. Royal Society Open Science, 12(11), Article 250921. https://doi.org/10.1098/rsos.250921

Hall, S. (Ed.). (1997). Representation: Cultural representations and signifying practices. SAGE Publications.

Huang, J., Gopalakrishnan, S., Mittal, T., Zuena, J., & Pytlarz, J. (2025). Analysis of human perception in distinguishing real and AI-generated faces. IEEE. https://ieeexplore.ieee.org/document/11099302/

Hussain, B., Aslam, S., & Imran, A. (2025). Manufacturing beauty: How AI and social media are redefining aesthetic norms in emerging digital cultures. Acta Psychologica, 260, Article 105734. https://doi.org/10.1016/j.actpsy.2025.105734

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.

International Journal of Research on Multidisciplinary Studies
Online ISSN: 3116-4137 | Print ISSN: 3116-4145
Volume 1, Issue 10, pp. 131-142, November 2026
https://ijroms.com
Original Article

Miller, E. J., Steward, B. A., Witkower, Z., Sutherland, C. A. M., Krumhuber, E. G., & Dawel, A. (2023). AI hyperrealism: Why AI faces are perceived as more real than human ones. Psychological Science, 34(12), 1390–1403. https://doi.org/10.1177/09567976231207095

Mwangi, Z., et al. (2024). The beauty complex: Social media trends, effects, and future directions. Cogent Social Sciences. https://doi.org/10.1080/23311886.2024.2427350

Nightingale, S. J., & Farid, H. (2022). AI-synthesized faces are indistinguishable from real faces and more trustworthy. Proceedings of the National Academy of Sciences, 119(8), Article e2120481119. https://doi.org/10.1073/pnas.2120481119

Stockner, M., et al. (2026). Are humans able to discriminate between real and AI-generated faces? Computers in Human Behavior: Artificial Humans. https://doi.org/10.1016/j.chbah.2026.100225

Sulimani, N., et al. (2026). Recognition of real and artificial intelligence-generated faces. Perception. https://doi.org/10.1177/03010066261442089

Szambolics, J., et al. (2023). Adolescents' augmented reality filter usage on social media: Beyond aesthetic reasons. Media and Communication, 11(4). https://www.cogitatiopress.com/mediaandcommunication/article/viewFile/7016/3449

Toms, J. A., et al. (2025). Artificial intelligence beauty filters and aesthetic surgery. Aesthetic Surgery Journal Open Forum. https://pmc.ncbi.nlm.nih.gov/articles/PMC12558173/

Velásquez-Salamanca, D., et al. (2025). Interpretation of AI-generated vs. human-made images. Journal of Imaging, 11(7), Article 227. https://www.mdpi.com/2313-433X/11/7/227

This article is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License.